

Ang Huling Hantungan



William MacDonald

Ang Huling Hantungan

William MacDonald

Salin sa Pilipino ni:
Liza Egalla

BSA Correspondence School®
P.O. Box 490, Greenhills
0420 Metro Manila
bsa1@pacific.net

Telephone: (02) 722-2010 or (02) 726-6544 * Fax: (02) 725-5058

ISBN 971-848-030-7

Copyright © 2002 ni William MacDonald
Inilathala ng D & K Press

Lahat ng binanggit mula sa Biblia, malibang ipinahiwatig ay kinuha mula sa Holy Bible: New International Version®. NIV®. Copyright © 1973, 1978, 1984 ng International Bible Society. Inilathala ng may permiso ng Zondervan Publishing House. All rights reserved.

Mga tuwirang binanggit sa Biblia ay nilimbag ng naka-*italics*.

Ang lahat ng "*endnotes*" ay nagtuturo sa mambabasa na bumalik sa Biblia at patuloy na mag-aral.

Mga larawang kuha ni Christian Schumacher, Munich, Germany

All rights reserved. Walang bahagi sa lathalaing ito ang maaaring isalin sa anumang anyo, kopyahin o paramihin, o paggamit ng maikling *quotation* nang walang pahintulot mula sa tagalathala.



Ang Huling Hantungan

Ang bawat tao, sa malao't, madaling panahon ay magkakaroon ng pag-aagam-agam kung saan siya patutungo kapag siya'y namatay. Saan nga ba niya gugugulin ang kanyang panahon pagkatapos ng kamatayan? Sandali mong pag-ukulang basahin ang mga sumusunod at iyong makikita ang mga kasagutan.

Ano ang iyong batayan?

Sa paghahanap ng kasagutan sa mga mahahalagang tanong tungkol sa buhay, kailangang magkaroon tayo ng pagbabatayan. Dalawang bagay lamang ang maaaring pagpilian. Maaaring ito'y magmula sa kaisipan (opinyon) ng tao o mula sa Salita ng Dios. Kung ano ang inaakala ng tao o ano nga ba ang sinasabi ng Dios?

Ito'y hindi maaaring magkamali patungkol sa mga bagay na mahalaga at makabuluhan sa buhay. Dito, walang lugar ang pagkakamali. Ang kaisipan ng tao ay tiyak na di makaaabot dito. Tulad ng pagkakaiba-iba ng anyo ng mga tao, ganoon din naman ang kanilang paniniwala o kaisipan.





Tanging ang Biblia lamang na Salita ng Dios, ang hindi nagkakamali. Ito'y katotohanan,¹ ngunit paano natin malalaman?

* Sa pamamagitan ng katuparan ng mga propesiya. Mahigit sa 60 propesiya tungkol kay Cristo ang nagkaroon ng katuparan habang Siya'y narito sa lupa. May ilang daan pang propesiya tungkol sa Israel at bansang Hentil ang natupad. Ang pagkakaroon ng katuparan ng mga ito ay di maaaring sabihing nagkataon lamang.

* Sa loob ng 1,600 taon, 40 kalalakihan mula sa iba't ibang bansa, sa magkakaibang panahon, sa tatlong magkakaibang wika ang sumulat ng Banal na Aklat. Bagamat hindi sila nagkasama at nagkasabay, ang Biblia ay may nagkakaisang paksa. Ano pa nga ba ang maipagmamalaki ng ibang aklat sa kagandahan at kahusayan ng ating Biblia?

* Ang Biblia ay may kakaibang kapangyarihang makapagpabago ng buhay ng tao, mula sa kahihyan at kasalanan tungo sa karangalan at integridad.

* Ang mga salita ng Biblia ay angkop sa lahat ng panahon. Ito'y kasing-init ng pinakahuling balita.

* Ang Biblia ay may pangkalahatang pakikipag-ugnayan sa tao. Ito'y nakikipag-usap sa puso ng sinuman mula sa iba't ibang lahi, wika, tribo at bansa.

* Ang kaalamang ibinibigay nito ay hindi kailanman nasasaid. Ito'y patuloy na nagbibigay ng impormasyon at karunungan sa walang patid na pag-aaral, patnubay at kaginhawahan.

* Alalahanin ang mga babasahing inudyukan ng Salita ng Dios - tulad ng diksyonaryong pambiblia, komentaryo, *concordance*, mga tula at sermon. Ito'y nagbigay ng inspirasyon sa mga kilusang tumutulong sa mamamayan, ang pagpawi ng kaapihan, karapatang pangmamamayan, hustisyang panlipunan, mga institusyon tulad ng ospital, paaralan, bahay-ampunan, tahanan para sa matatanda at mahihirap. Ganoon din ang pandaigdigang ahensya na tumutulong sa mga mahihirap at nagugutom. Ito rin ay nagbibigay ng



positibong pagbabago sa lipunan ng iba't ibang bansa.

* Ito'y dalisay. Hindi umaayon sa kasalanan. Sa halip, ito'y nagbibigay ng babala. Hindi rin ito nakikiayon sa mga maling kinaugalian ng mga tao, kundi ito'y itinutuwid.

* Ito'y isang buhay na aklat. Kinatatakutan ng tao, samantalang may iba namang nakalaang mamatay para dito.

* Ito'y kinasihan ng Dios.² Ang mga Salita dito ay Kanyang Salita. At kung hindi, ito'y isang pandaraya. Ngunit, kahit ang kaaway ay hindi umaakusa ng pandaraya.

* Sa loob ng mahabang panahon, ang Banal na Kasulatan ay nagdaan na sa maraming pagsubok. Tinangkang sunugin at itapon, ngunit ito'y nanatili. May nagsusuong ng buhay, makapagdala lamang ng Biblia (sa mga bansang ipinagbabawal ang pagbasa nito) kahit ito'y mangangahulugan ng kanilang pagkakulong o kamatayan.

* Walang ibang aklat ang maaaring ihambing sa Salita ng Dios. Ito'y nagsasalita sa iba't ibang wika sa maraming taong patuloy na nagbabasa nito.

* Ito'y kamangha-manghang aklat na naglalaman ng buhay ng isang perpektong Tao. Hindi ito basta maisusulat ng kahit sino lamang. Ayon kay Renan, isang mapagdudang Pranses, "Kinakailangan ang isang Cristo upang makalikha ng Cristo."

Sa pagdaan ng maraming panahon, ang Biblia ay nananatiling walang kapantay at natatangi. Sa mga nakaranas ng kapangyarihan nitong mabago ang kanilang buhay ay hindi maaaring ikaila na ito ang Salita ng Dios na Buhay. May makapagsasabi rin na ang sinumang nakaranas ng kagalingan at kahusayan nito ay hindi maaaring ikaila ang pinagmulan nito.

Walang panganib kung tatanggapin nating ang Biblia ay ating pinakahuling batayan.



Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa huling hantungan?

Ngayon, ating alamin kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kamatayan at pagkatapos nito.

Sinasabing ang kamatayan ay tiyak na darating. *Ang tao ay nakatakdang mamatay nang minsan.*³ Sino ang tututol dito?

Ang bawat libingan at punerarya ay piping saksi tungkol sa katotohanang ito. Patuloy na dumarating at lumilipas ang bawat salinlahi. "May nag-aakalang siya'y mabubuhay ng walang katapusan, at pagkatapos ng ilang panahon, matutuklasang siya'y wala na!" (Will Houghton). Kailanma'y di matatakas ang kamatayan.

Hindi lamang sinasabi ng Biblia na tayo'y dapat mamatay. Karagdagan sa talatang tinuran... at pagkatapos nito ay ang paghuhukom. Ating pagtutuon ang salitang, *Pagkatapos nito*. Ang kamatayan ay hindi huling yugto ng ating buhay. May susunod pa pagkatapos nito. Pagkaraan ng kamatayan ay ang paghuhukom at ang walang katapusang pagdurusa sa mga hindi nakahandang humarap sa Dios. Sinasabi ng Biblia, *Ang sinumang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy.*⁴

Unahin natin ang hindi magandang balita

Sinasabi ng Biblia na may dalawang lugar lamang ang maaaring kahantungan ng tao – langit o impyerno. Ang Dios na hindi nagsisinungaling ay nagsasalita lamang patungkol sa dalawang maaaring kahantungan ng sangkatauhan. Maaaring piliing huwag maniwala dito, subalit hindi nito mababago ang katotohanan.


Tayong lahat ay nakatakdang mamatay. Alinman ang ating piliin, langit o impyerno, ang pinakamahalaga sa lahat ay ang malamang ang langit ang ating magiging walang hanggang tahanan.

Posible bang malaman? At kung sakali, paano?

Oo, posible at ito'y tiyak.

Ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang inyong malaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios.⁵

Tiyak na malalaman mo!



Bago malaman kung paano magkaroon ng buhay na walang hanggan, pag-usapan muna natin ang tungkol sa kasalanan. Ano ang kahulugan ng salitang ito? Bakit ito mahalaga?

Ang kasalanan ay ang kabiguang abutin ang mataas na pamantayan ng Dios.⁶

Hindi lang ito dahil sa nagawang kamalian. Ito'y ang kabiguang gawin kung anong nararapat. Maituturing din itong kasalanan. *Walang kinikilalang batas ang kasalanan.* Ang pagmamatigas ng taong hindi sumunod sa kalooban ng Dios ay matatawag ding kasalanan.

Kung binabalak mong gumawa ng masama laban sa iyong kapwa o bagay, at iyong isinagawa, kasalanan pa rin.⁸

Samakatuwid, *ang lahat ng maling gawain ay kasalanan.*¹⁰

Malinaw at mariing isinasaad ng Biblia na ang bawat isa ay nagkasala.

Sinasabing *ang lahat ay nagkasala at di nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.*¹¹ Sinasabi ring, *Tunay na walang matuwid sa lupa, na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala.*¹²

Tayo'y magkakaroon ng munting pagsubok upang malaman kung ikaw ay di kasama sa mga naunang tinuran.

Simulan natin sa mga itinuturing ng taong nakahihiyang kasalanan: pakikiapid, pangangalunya, pagnanasa, kahayupan, pagpatay, pagsamba sa dios-diosan. Marami ang di aamin sa alinman dito (hanggang sa kanilang maalala na sinabi ni Jesus na sinuman ang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala ng pangangalunya¹³ at ang sinumang mapoot sa kanyang kapwa ay mamamatay-tao).¹⁴

Dagdag pa ang paglalasing, pagkagumon sa bawal na gamot, pagpapalaglag, panggagahasa, panggagaway, panunumpa at pornograpia. Masasabi mo pa bang ikaw ay inosente?

Kung sakali, alamin mo sa iyong sarili kung ikaw ay nakagawa ng mga sumusunod: pag-iimbot, pagnanasa, pagkainggit, pagkapoot, pagmamaataas, pagkamakasarili, pandaraya, pagsisinungaling, tsismis, di paggalang sa magulang, di pagtupad sa pangako at di pagiging tapat. Maaari mo na bang itaas ang iyong kanang kamay at patunayan nang may panunumpang hindi ka minsan nakagawa ng isa man sa mga ito? Kumusta naman ang laman ng ating mga isip? Ito ba'y malinis?

Narito ang katotohanan, hindi lamang tayo nagkakasala ng minsan. Tayo'y nagkakasala sa araw-araw, sa pag-iisip, sa pananalita at sa gawa. Kung ito'y iyong ikakaila, dinadaya mo ang iyong sarili¹⁵ at ginagawang sinungaling ang Dios.¹⁶



Tayong lahat ay masama. Sa madaling salita, mga makasalanang. Maaaring hindi natin nagagawa ang bawat kasalanan, ngunit tayo'y may kakayahang gumawa nito. Ang paggawa ng kasalanan ay nakakaapekto sa bawat bahagi ng ating pagkatao.¹⁷ Kung ano tayo ngayon ay masahol pa kaysa sa mga bagay na ating ginawa.¹⁸

Walang makasalanang makapapasok sa langit¹⁹, hanggang ang kanyang mga kasalanan ay di pa napapatawad. Kung ikaw ay nakagawa ng isang kasalanan makasalanang ka na. At dahil ikaw ay makasalanang, kailangan mong maligtas.





Ang makalangit na suliranin

Ngunit may problema. Ang Dios ay banal.²⁰ Kailangan Niyang gawin kung ano ang tama at nararapat. Hindi Niya inaayunan ang kasalanan.²¹ Hindi Niya kailanman ipinikit ang Kanyang mga mata, ang mapasubo at makalimot. Malinaw ang Kanyang mga Salita, *ang kaluluwang nagkakasala ay siyang mamamatay.*²² Ang batas ng Dios ay humihiling ng kamatayan ng isang makasalanan. Ang utang ay dapat bayaran. Ang kaparusahan ng kasalanan ay dapat mapanatili.

Kung ating mapapanatili ang kabayaran para sa ating mga kasalanan, tayo'y hahatulan at isusumpa nang walang katapusan.

Ito ang banal na suliranin. Iniibig ng Dios ang makasalanan.²³ Hindi Niya gustong mapahamak ang sinuman.²⁴ Nais Niyang makasama ka ng walang hanggan sa langit. Hindi Niya ginawa ang impyerno para sa Kanyang mga nilikha kundi *para sa diablo at kanyang mga anghel.*²⁵ Ngunit hindi Niya





pinapayagang makapasok ang isang tao sa langit habang siya ay *nananatili* sa kasalanan o habang ang kanyang mga kasalanan ay di pa napapatawad. Walang marumi, mali o kasalananang makapapasok sa langit.²⁶ Paano Niya mabibigyang kasiyahan ang pag-ibig sa atin at mapananatili ang Kanyang pagiging matuwid? Paano niya liligtas ang mga makasalanan at mapananatili pa Niyang Siya'y Banal?

May pag-asa sa mga walang pag-asa

Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa sa ating kalagayan. Ang Dios ay nakakita ng paraan upang mapatawad Niya ang ating mga kasalanan. Hindi rin naman Niya kinompromiso ang Kanyang pagiging makatarungan.²⁷

Dalawang libong taon na ang nakararaan nang ipadala Niya ang Kanyang Anak upang hanapin at iligtas ang mga nawawala.²⁸ Ang Panginoong Jesus ay namatay sa Krus ng Kalbaryo bilang ating kahalili. Ito ang pinakasusing Salita, Kahalili. Namatay Siya para sa atin.²⁹ Namatay Siya sa kamatayang dapat para sa atin.³⁰ Binayaran Niya ang mga utang natin dahil sa ating mga kasalanan. Siya ang nagpasan ng kaparusahang dapat sana ay ating pinasan.³¹

Hindi natin mauunawaan ang Magandang Balita hanggang matuklasan nating may Isang namatay para sa atin. At Siya ay walang iba kundi ang ating Dios na Manlilikha.³² Sa halip na ang nilikha ang mamatay para sa Manlilikha, ang Manlilikha ang namatay para sa Kanyang mga nilikha.



Binayaran na ng buo.



Ngunit paano natin malalaman na ang ginawa ni Cristo bilang ating Kahalili ay naging kasiya-siya sa Dios Ama? Malalaman natin sapagkat ibinangon Niya ang Panginoong Jesus mula sa mga patay sa ikatlong araw.³³ Ito'y isang magandang patunay na tinapos na ni Cristo ang gawaing kailangan para sa ating kaligtasan. At ito'y tinanggap ng Dios. Kung Siya ay hindi binuhay ng Dios, ang Kanyang kamatayan ay walang pinagkaiba sa karaniwang tao. Si Jesus, ang Bukod Tanging bumangon mula sa mga patay, sa isang katawang hindi na kailanman mamamatay.

May isa pang katanungan. Kung si Cristo'y namatay para sa lahat, ito ba'y nangangahulugang ang lahat ay ligtas na? Hindi! Ang ginawa ng Panginoon sa Krus ay sapat na para sa kaligtasan ng lahat, ngunit ito'y magkakabisa lamang sa mga tumanggap sa Kanya bilang kanilang Kahalili. Hindi gawain ng Dios ang magdala ng tao sa langit sa mga ayaw pumaroon. Hindi Niya maaaring dalhin sa langit ang mga taong patuloy na namumuhay sa kasalanan. Ano kayang uri ang langit kung ito'y paninirahan ng mga taong sukdulan ang kasamaan tulad ng mamamatay-tao, kriminal at makamundo?

Paano hindi maligtas?

Bago tayo dumating sa paraan ng Dios kung paano tayo makatitiyak ng kaligtasan sa langit, ating pag-usapan ang mga maling paraan na pinanghahawakan ng tao.

Karamihan ng tao ay nag-aakalang ang kaligtasan ay makakamit sa pamamagitan ng mabubuting gawa, ang gawin ang pinakamagandang magagawa, mabuting pamumuhay at malinis na kalooban. Ito ang karaniwang itinuturo ng relihiyon na kanilang pinaniniwalaan. Sinasabi ng Biblia na ang paraang ito ay tama sa paningin ng tao, subalit sila'y magwawakas sa kamatayan at paghuhukom. Hindi ito ang daan patungo sa langit. Ang kaligtasan ay hindi gantimpala bunga ng magandang ginawa.

Sinasabi ng Biblia na *ang ating mabubuting gawa ay tulad ng maruming basahan*. Hindi nito tinutukoy ang kasalanan. Ito'y tumutukoy sa ating mabubuting gawa na nagiging maruming basahan. Sinasabi rin na *tayo'y iniligtas hindi sa pamamagitan ng ating mabubuting nagawa, kundi dahil sa Kanyang biyaya*. Ang kaligtasan ay di bunga ng mabubuting gawa at walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

Hindi dahil sa bautismo, pagiging myembro ng iglesia, pag-aabuloy at iba pang relihiyosong gawain. Kung ang kaligtasan ay dahil sa mabubuting ginawa, ang kamatayan ni Cristo ay mawawalan ng kabuluhan. Maaaring sinayang lamang Niya ang Kanyang buhay kung may iba pang daan. Kung ang mabubuting gawa ang magiging daan ng kaligtasan, walang makaaalam na siya'y ligtas na. Hindi rin niya malalaman kung sapat na ang kanyang mga ginawang mabuti at kung ito'y tama.

Ayon kay Mark Twain, kung ang kaligtasan ay dahil sa pagiging mabuti, ang alagang aso mo ay papasok sa loob at ikaw ay mananatili sa labas.



Kamangha-manghang maraming tao ang naniniwalang sila'y makarating sa langit kapag nasunod ang Sampung Utos. Karamihan sa kanila ay hindi makayang isaulo ito, ngunit alam nilang ito'y nasa Biblia. At ito ang maaaring daan. Ang hindi nila nalalaman, walang sinumang makatutupad nito nang buong-buo. Ito'y ginawa ng Dios upang maibunyag ang kasalanan. Ang Sampung Utos ang nagsilbing pamantayan ng Dios o salamin upang ipakita sa atin kung gaano at saan tayo nagkamali.



Ang kaligtasan ay hindi nababatay sa edukasyon, siyensiya, pilosopiya, saykolohiya, materialismo, pagbabago o ng maunlad na kapaligiran.

Ang edukasyon ay nagtuturo sa makasalanan, ngunit siya lamang ay nagiging edukadong makasalanan.

Ang agham o siyensiya ay maaaring gumalugad ng kalawakan, ngunit hindi nito maaaring baguhin ang kalooban ng tao.

Ang pilosopiya ay isang karunungan ng tao. Si Bertrand Russel, isang British philosopher sa huling bahagi ng kanyang buhay, ay nagsabing, "Ang pilosopiya ay napatunayang unti-unti nang nawawala."

Hindi maipaliwanag ng saykolohiya ang pag-uugali at pagkilos ng tao, lalo na ang baguhin ito.

Mayroon pa bang





Ang materialismo ay makapagpapakain sa atin, subalit hindi ito makapagliligtas ng kaluluwa.

Ang pagpapakabuti ay makapagbibihis ng bagong damit sa isang tao, ngunit hindi maisusuot ang bagong tao sa kanyang damit.

Kaya nga sinabi ni Jesus,

Kailangang kayo'y ipanganak na muli.⁴⁰

ibang daan?





Ang natatanging daan patungo sa langit

Ang Dios ay nag-aalok ng kaligtasan bilang kaloob sa lahat ng magsisisi ng kanilang kasalanan at tatanggapin si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.⁴¹ Ating namnamin ang dalawang salita, *pagsisisi* at *paniniwala* o pagtitiwala. Tulad sila ng dalawang magkabilang mukha ng perang barya. Tayo'y *nagsisisi* kapag inaamin natin ang pangangailangan ng kaligtasan. Tayo'y *naniniwala* kapag tinanggap natin ang paraan ng Dios.

Ano ba ang kahulugan ng pagsisisi? Ayon sa isang matandang Puritano, ang pagsisisi ay tulad ng pagkaing isinusuka ng kaluluwa. Ibig sabihin, ikaw ay tumatangi sa kasalanan dahil ito'y nakasisira at kasuklam-suklam. Ikaw ay iikot paharap sa Dios habang papalayo naman sa kasalanan.⁴²

Ano naman ang ibig sabihin ng paniniwala? Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesu-Cristo bilang tangi mong pag-asang makapunta sa langit. Sabihin mo mula sa iyong puso, "Panginoong Jesus, alam kong ako'y makasalanan at hindi nararapat sa langit, ngunit ako'y naniniwalang ikaw ay namatay sa Krus ng Kalbaryo at lyong pinagdusahan ang kaparusahang dapat sana ay sa akin. Ngayon, ako'y nagpasiyang magtiwala. Tinatanggap kita bilang Panginoon at Tagapagligtas ng aking buhay. Mula ngayon ako'y mabubuhay para sa Iyo.

Ang pagtitiwala kay Cristo ay nangangahulugan ng paglapit sa Kanya ano man ang ating kalagayan. Isang mangguguhit ang nagnais na iguhit ang larawan ng alibughang anak. Isang araw nakakita siya ng pulubi sa kalye. Sinabihan niya ang pulubing pumunta sa kanyang *studio*. Kinabukasan, dumating ang pulubi ngunit siya'y nakadamit ng maayos, bagong ahit at malinis. Sinabi ng mangguguhit, "Hindi na kita maaaring magamit ngayon. Dapat pumarito ka bilang pulubi, kung ano ka talaga."

Ang pagtitiwala ay ang pagbubukas ng pinto para sa Kanya.⁴³



Ibigay mo sa Kanya ang buong bigat mo tulad ng ginagawa mong pag-upo sa upuan.

Ang pagtitiwala ay maihahambing sa pagtalon nang naka-*parachute* mula sa mataas na lugar. Ipinagkakatiwala mo ang iyong buhay sa isang pirasong tela ng *parachute*. Katulad din ito ng pag-*dive* sa *swimming pool*. Ibinibigay mo ang iyong buhay sa tubig nang walang pag-aalinlangan. Isang preso ang tumanggap ng kapatawaran. Ang pagpapatawad ay nakasaad lamang sa isang pirasong papel. Para magkaroon ng bisa ang pagpapatawad, nararapat lamang na ito'y kanyang tanggapin.

Ang magtiwala kay Cristo ang pinakamatino, matalino at makatuwirang bagay na magagawa ng tao. Ano pa ba ang pinaka-makatuwiran kundi ang magtiwala sa iyong manlilikha? Walang maaaring maging dahilan para hindi Siya paniwalaan.

Hindi mapanganib ang magtiwala sa Kanya. Siya ay tunay na mapagkakatiwalaan. Ang Kanyang Salita ay nagbibigay ng katiyakan sa buong sandaigdigan.

Hindi natin dapat kalimutan ang mga sumusunod na dakilang katotohanan. Ang kaligtasan ay nasa Tao at ang Taong iyon ay ang Panginoong Jesu-Cristo.⁴⁴ Kung Siya'y nasa iyo, ikaw ay ligtas na, tulad ng pagkalikha sa iyo ng Dios.⁴⁵

Si Cristo ang daan patungo sa langit.⁴⁶

Siya lamang ang tanging Daan.⁴⁷

Gaano man kalaki ang kasalanan ay hindi maaaring humigit pa sa kaligtasang ibinibigay ng Dios.⁴⁸

Ang totoo, ang mga kasalanan mo ang nagsilbing dahilan upang maging karapatdapat ka sa kaligtasan. Hindi dumating si Cristo *para tawagin ang mga matuwid kundi ang mga makasalanan*.⁴⁹

Nang dahil sa iyong kakulangan, ikaw ang naging pangunahing kandidato para sa buhay na walang hanggan. Ang tanging taong pupunta sa langit ay ang mga makasalanan at di karapatdapat, ngunit pinatawad na ng Dios.





Ang pinakasusing salita ng ebanghelyo

Ito ang magandang lugar para huminto at mapag-usapan ang tungkol sa biyaya, isa sa pinakamahalagang salita ng pananampalatayang Cristiano. Ipinakita ng Dios ang biyaya sa mga taong hindi karapat-dapat na tumanggap nito. Hindi ito pinagpaguran o isang gantimpala. Ito'y kaloob. Sa sandaling ito'y iyong pagpaguran, ito'y magiging utang. Ipinakita ni Apostol Pablo ang pagkakaiba ng sinulat niyang: *kapag ang tao ay nagtrabaho, ang kanyang kikitain o sweldo ay hindi magiging regalo kundi obligasyon. Gayunman, sa mga taong hindi gumagawa ngunit nagtitiwala sa Dios na sa kanila'y nagpatawad, sila'y itinuturing na matuwid dahil sa kanilang pananampalataya.*⁵⁰ Sa kabilang banda ipinakita rin ni Apostol Pablo ang pagkakaiba ng biyaya at gawa. *Ngunit kung ito'y sa pamamagitan ng biyaya, ito'y hindi na batay sa mga gawa, kung hindi, ang biyaya ay hindi biyaya.*⁵¹ Hindi ang kabutihan natin ang magdadala sa atin sa langit kundi ang kabutihan ni Cristo. Kaya nga, walang antas ang sukatan patungong langit. Walang hihigit pa sa nakay Cristo.

Bakit may ibang taong hindi nagtitiwala kay Cristo

Tila wala ito sa katuwiran. Layunin ng Dios na ibigay ang kaligtasan bilang kaloob sa mga nagnanais na tumanggap sa Kanyang Anak nang may pagtitiwala. Sa kabila ng lahat, may mga taong tumatanggi sa paanyaya. Bakit kaya? Narito ang maraming dahilan.

* Nang dahil sa labis na pagmamataas, sila'y nahihiya kay Jesus. Sinabi ni Cristo, *Sapagkat ang sinumang ikinahihiya ako at ang aking mga salita sa mapangalunya at makasalanang salinlahing ito ay ikahihiya rin naman siya ng Anak ng Tao, pagdating niyang nasa kaluwalhatian ng Kanyang Ama na kasama ng mga banal na anghel.*⁵²



* Sila'y natatakot sa maaaring sabihin ng kanilang pamilya. Inaasahan na ng Panginoong Jesus nang Kanyang sinabi, *Ang umilibig sa ama o sa ina nang higit kaysa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin.*⁵³ Sa madaling salita, si Cristo ang dapat unahin.

* Iniibig nila ang kasalanan nang higit pa sa pagmamahal kay Cristo. Hindi ito makatuwirang pagpili na pagsisihan pagdating ng araw.

* Sapagkat inibig nila ang *papuri ng mga tao kaysa papuri ng Dios.*⁵⁴

* Hindi pa sila ganoon ka-desperado. Ang buhay na walang hanggan ay hindi pa mahalaga para sa kanila.

* Sila'y nag-aalalang baka masyadong mataas ang magiging katumbas nito, na kakailanganing isuko ang higit sa kanilang tinataglay. Dapat din nilang alalahanin ang magiging kawalan nila kapag di sila nagtiwala kay Cristo.

* Sila'y natatakot na baka di nila kayanin ang iniaalok sa kanila. Kung sa sariling kakayanan lamang sila aasa, talagang hindi. Ngunit pag ang Dios ang nagsimula sa buhay ng isang tao, Kanya silang panghahawakan.

* Masyado silang abala. Isang Cristiano ang bumisita sa negosyante. Sinabi ng Cristiano kung ano ang pakay niya, "para makausap ka tungkol sa iyong kaluluwa at kung saan mo gugugulin ang iyong buhay pagkatapos ng kamatayan."

Sagot ng negosyante, "Hindi mo ba nakikita, ako'y abala?"

Ang Cristiano'y nagpaalam at nagsabi, "Ipagpalagay mo na lang na ako si kamatayan!"



Kayraming dahilan

Hindi nauubusan ng dahilan ang mga tao sa tuwing iniaalok ang kaligtasang ipinagkakaloob ni Cristo.

Narito ang ilan sa mga dahilan at ang tugon sa mga ito.

* "Maraming mapagkunwari sa iglesia." Hindi ka inutusan ng Dios na maniwala sa mga tao kundi sa Kanya lang.

* "Salapi lamang ang kailangan ng mga iglesia." Hindi ginusto ni Cristo ang iyong salapi, ang nais Niya ay iyong pagtitiwala.

* "Paano na ang mga taong hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo?" Batid ng Hukom ng buong mundo ang Kanyang gagawin.⁵⁵ Hindi ito tungkol sa mga di ligtas. Tungkol ito sa iyo na nakarinig na. Ano ngayon ang gagawin mo?"

* "Bakit pinapayagan ng Dios ang kasamaan sa mundo?" Sa pamamagitan ng ginawang pagbabayad ni Cristo, lalong naluwalhati ang Dios at masaganang biyaya ang nakamit ng tao lalo na kung walang kasalanang nakapasok.

* "Kung ang mga Cristiano ay tama, bakit iilan lang sila?" Sa panahon ni Noe, walong tao lamang ang nakapasok sa daong at nakaligtas. Ang lahat ng naiwan ay nangamatay. Hindi totoo na ang nakararami ay laging tama.

* "Papaanong ang Dios ng pag-ibig ay makapagpapadala ng tao sa impyerno?" Pinili ng tao ang pumunta sa impyerno. Tinanggihan ang kaligtasang inaalok ng Dios para sa kanila.

* "Hindi ba kakitiran ng isip ang ipalagay na iisa lamang ang daan?"



Tulad ng mga tinuran, kung higit pa sa isa ang daan, hindi na sana namatay ang Panginoong Jesus. Bakit Siya magbabayad ng mahal kung pwede naman pala sa maliit na halaga?

* "Tila masyadong madali." Ito'y nagiging madali dahil ang kaligtasan ay para sa lahat. Maaaring magtiwala ang bawat isa, subalit hindi lahat ay nakaaabot sa panuntunan ng Dios.

Tunay na maraming dahilan. Ang problema ay wala sa isipan ng tao, ito'y nasa kalooban. Nilinaw ni Jesus nang sinabi Niyang, *Subalit ayaw ninyong lumapit sa Akin upang kayo'y magkaroon ng buhay.*⁵⁶

Sa isang pagkakataon, Kanyang sinabi sa Jerusalem, *Makailang ulit Kong ninais na tipunin ang iyong mga anak na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang sariling mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at ayaw ninyo!*⁵⁷

Sandali ng pagpapasiya





Ikaw ay inaanyayahan ni Cristong magsisi, magtiwala sa Kanya, ipanganak na muli at ikaw ay bibigyan Niya ng kapahingahan.⁵⁸

Huwag kang magkakamali tungkol dito, alinman sa dalawa, ikaw ay panig kay Cristo o laban sa Kanya.⁵⁹ Kung ikaw ay salungat sa Kanya, tulad ka ng mamamatay tao, terorista, rapist, *pedophile* at iba pang makamundong tao. Sila ang mga uri ng taong makakasama mo sa kabilang buhay, di ba?

Bakit ka dapat magtiwala kay Cristo at maligtas?

Narito ang apat na katotohanan na nangangailangan ng positibong kasagutan sa tawag ni Cristo.

Ang kasalukuyang kaligayahan mo ay nakasalalay dito.

Nakasalalay dito ang kinabukasan mo.

Marami kang magiging pakinabang at walang mawawala sa iyo.

Wala itong anumang panganib.

Bakit kailangang gawin mo ito ngayon?

Ngayon ang tanging panahon upang makatiyak ka. Sinasabi ng Dios, *Ngayon na ang panahong kanais-nais; ngayon na ang araw ng kaligtasan.*⁶⁰

Ang buhay ay walang katiyakan. Araw-araw ang mga tao ay maagang naghahanda para sa maghaponing gawain, hindi sumasagi sa kanilang isipan na bago dumating ang gabi ay maaaring makaharap nila ang Dios. Ngayon, may ilang lilisanin ang daigdig" dahil sa atake sa puso, sakuna o karahasang kriminal. Maraming posibilidad ang biglaang kamatayan.





Ang pagdating ng Panginoon ay malapit na. Anumang oras si Jesus ay darating. Ang mga ligtas ay sasalubong sa Kanya sa alapaap at kasama Niyang babalik sa Tahanan ng Dios sa langit.⁶¹ Yaong mga di ligtas ay mananatili upang hintayin ang kahindik-hindik na paghuhukom dito sa lupa⁶² at ang walang katapusang pagdurusa.⁶³


Maraming taon na Siyang nakatayo at naghihintay sa labas ng pintuan mo. Hindi ganito ang trato mo sa iba. Bakit mo ito ginagawa sa Kanya? Hayaan mo Siyang makapasok.

Lumikha ang Dios ng di nababagong kautusan, upang sa pangalan ni Jesus ay lumuhod ang bawat tuhod at ipahayag ng bawat dila na si Jesu-Cristo ay Panginoon.⁶⁴ Mas mabuting gawin mo na ito ngayon nang may pagkukusa at ikaw ay maligtas, kaysa gawin ito ng sapilitan at mawala ka nang lubusan.

Mas nahuhuli na ngayon kaysa noon. Isang batang lalaki ang nagbilang ng tunog ng lumang orasan sa bahay ng kanyang lola. Isang araw ito'y nasira at tumunog ng 13, 14 at 15 beses. Agad na tumakbo ang bata papunta sa kusina at nagtawag "Lola, Lola, mas huli ngayon kaysa noon." Ang araw ng pagkakataon ay halos matatapos na.

Darating ang araw ikaw ay harap sa Dios, at tatanungin ka ng ganito, "Ano ang ginawa mo sa Aking Anak?" Ang iyong huling hantungan ay nakasalalay sa magiging kasagutan. *Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay nananatili sa kanya.*⁶⁵





Paano ko malalaman?

Nang pinagsisihan mo ang iyong mga kasalanan at pinagtiwalaan ang Panginoong Jesu-Cristo bilang sariling Tagapagligtas, nararapat lamang na maging malalim ang kaalaman mo tungkol sa katiyakan ng iyong kaligtasan. Paano mo masisiguradong ligtas ka na?

Una, sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Sinasabi ng Biblia, "*Kung ipahahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig si Jesus ay Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay Siyang muli ng Dios mula sa mga patay ay maliligtas ka.*"⁶⁶ Sa sandaling ikaw ay magtiwala kay Jesus ng walang pag-aalinlangan bilang Panginoon at Tagapagligtas, sinasabi nang Dios na ligtas ka na. Hindi Siya nagsisinungaling, nandaya o nanlililang. Ang Kanyang mga sinasabi ay pawang katotohanan.

Ang mga palatandaan ng kaligtasan ay makikita sa mga araw na darating.

Kapopootan mo ang kasalanan⁶⁷
at iibigin ang kabanalan.⁶⁸

Kahit na ikaw ay nagkakasala,
hindi mo ito ipamumuhay.⁶⁹

Ang kasalanan ay wala nang kapangyarihan sa iyo.⁷⁰

Iibigin mo ang mga anak ng Dios.⁷¹
Mananatili ka sa pananampalataya.⁷²

May ibang taong nakaranas ng madramang pagbabagong-loob. Sila'y puno ng kagalakan habang kumakawala sa pagkakagapos ng kasalanan. Ang iba naman ay simple at tahimik ang naging pagtanggap sa kaloob na

biyaya ng Dios, nang walang anumang panlabas na palatandaan. Alinman sa dalawa, hindi dapat ibatay ang katiyakan ng kaligtasan sa damdamin. Ang damdamin ng tao ay pabago-bago at hindi dapat asahan. Kung si Cristo lamang ang tangi mong pag-asa para sa langit, ikaw ay ligtas na, maramdaman mo man o hindi. Ang katotohanan ay higit na mabuti kaysa damdamin.

Ano naman ang kasunod?

Bautismo. Ngayong ikaw ay ligtas na, nanaisin mong sumunod sa Panginoon sa pamamagitan ng bautismo. Habang ito'y hindi kailangan para sa kaligtasan, ito naman ay isang palatandaan ng pagsunod.⁷³ Ang bautismo ay ang pampublikong pagpapahayag ng katapatan mo kay Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Ikaw ay nakikiisa sa Kanya sa Kanyang kamatayan, pagkalibing at muling pagkabuhay.⁷⁴ Dahil Siya ang namatay bilang Kinatawan, namatay kang kasama Niya. Ang bautismo ay pangakong ikaw ay mamumuhay ng matuwid tanda ng iyong pagbabagong buhay.⁷⁵ Ang ibig sabihin, ang mabuhay ay sa bautismo, at ang kamatayan ay sa kasalanan.

Ano naman ang kasunod?

Iba Pang mahahalagang hakbang sa buhay Cristiano.

Pagsisisi. Dapat mong matutuhan na kaagad pagsisihan ang iyong mga kasalanan sa Dios sa sandaling ito'y iyong maramdaman. Kapag ito'y ginawa mo, patatawarin ka Niya.⁷⁶ Tinanggap mo ang kapatawaran mula sa Dios na Hukom para sa kabayaran ng iyong kasalanan nang magtiwala ka kay Cristo. Ngayon, tinatanggap mo na ang kapatawaran mula sa Dios Ama.

Pagtatalaga. Simulan mo ang bawat araw sa pamamagitan ng pag-aalay ng iyong sarili bilang buhay na hain sa Dios.⁷⁷ Ang kahulugan nito ay ang pagsunod sa kalooban Niya.

Ang Biblia. Upang lumago sa pamumuhay Cristiano, nararapat na magbasa, mag-aral, magsaulo at magbulay-bulay ng Biblia. Sa pamamagitan nito, makikipag-usap ang Dios sa iyo.

Panalangin. Sa panalangin, nakikipag-usap ka sa iyong Amang nasa langit. Manalangin araw-araw lalo na sa mga pangyayaring nagaganap sa iyong paligid.


Iglesia Lokal. Hangga't maaari, makisama sa iglesiang naniniwala na ang Biblia ay Salita ng Dios at di kailanman nagkakamali. Ang iglesia ng Bagong Tipan ay binubuo ng mga santo, matatanda at deakono.⁷⁸ Sila'y nagsasama-sama sa pag-aaral ng Bibia, sa pagpuputol-putol ng tinapay at panalangin.⁷⁹ Humingi ng patubay sa Panginoon na ituro Niya ang iglesiang Kanyang pinili para sa iyo.

Patotoo. Humingi ka sa Panginoon ng pagkakataong makapagpatotoo para sa Kanya. Ito'y ang pamamahayag ng ebanghelyo sa mga di pa ligtas, kamag-anak, kapitbahay, kaibigan at iba pang mga kakilala.

Huling pananalita

Kung ito'y nabasa mo na at hindi ka pa-rin ligtas, kami ay nakikiusap nang may pagmamahal sa iyo. Lumapit ka kay Cristo, anuman ang iyong kalagayan, paniwalaang Siya'y namatay doon sa Krus para sa iyo. Tanggapin Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas at magkaroon ka ng karapatan sa langit. At iyong mapanghahawakan ang Kanyang mga pangako.

Sapagkat kung ipahahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay Siyang muli ng Dios mula sa mga patay, ay maliligtas ka. Sapagkat sa puso, ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas.⁸⁰



Upang makatulong sa iyong pagbabasa ng librong ito, narito ang mga talatang maaari mong basahin sa Biblia.

¹ Juan 17:17
² 2 Timoteo 3:16
³ Hebreo 9:27
⁴ Apocalipsis 20:15
⁵ 1 Juan 5:13
⁶ Roma 3:23
⁷ Santiago 4:17
⁸ 1 Juan 3:4
⁹ Roma 14:23
¹⁰ 1 Juan 5:17
¹¹ Roma 3:23
¹² Ecclesiastes 7:20
¹³ Mateo 5:28
¹⁴ Mateo 5:22
¹⁵ 1 Juan 1:8
¹⁶ 1 Juan 1:10
¹⁷ Roma 3:13-18
¹⁸ Jeremias 17:9
¹⁹ Apocalipsis 21:27
²⁰ Levitico 19:2
²¹ Habakuk 1:12-13
²² Ezekiel 18:4
²³ Juan 3:16
²⁴ Ezekiel 18:32;
2 Peter 3:9
²⁵ Mateo 25:41
²⁶ Apocalipsis 21:27

²⁸ Lucas 19:10
²⁹ Galacia 2:20
³⁰ 1 Corinto 15:3
³¹ 1 Pedro 2:24; 3:18
³² Juan 1:1, 3
³³ Roma 4:25; 6:4
1 Corinto 15:4
³⁴ Kawikaan 14:12
³⁵ Isaias 64:6
³⁶ Tito 3:5
³⁷ Efeso 2:9
³⁸ Galacia 2:21
³⁹ Roma 3:20
⁴⁰ Juan 3:7
⁴¹ Gawa 20:21
⁴² Isaias 55:7
⁴³ Apocalipsis 3:20
⁴⁴ Juan 17:3
⁴⁵ 1 Juan 5:12
⁴⁶ Juan 14:6
⁴⁷ Gawa 4:12
⁴⁸ Hebreo 7:25
⁴⁹ Marcos 2:17
⁵⁰ Roma 4:4-5
⁵¹ Roma 11:6
⁵² Marcos 8:38
⁵³ Mateo 10:37

⁵⁵ Genesis 18:25
⁵⁶ Juan 5:40
⁵⁷ Lucas 13:34
⁵⁸ Mateo 11:28
⁵⁹ Mateo 12:30
⁶⁰ 2 Corinto 6:2
⁶¹ Juan 14:1-3
⁶² Mateo 24:21
⁶³ Apocalipsis 20:14-15
⁶⁴ Filipos 2:10-11
⁶⁵ Juan 3:36
⁶⁶ Roma 10:9
⁶⁷ Roma 7:24
⁶⁸ Roma 7:22
⁶⁹ 1 Juan 3:9
⁷⁰ Roma 6:14
⁷¹ 1 Juan 3:14
⁷² 1 Juan 2:19
⁷³ Mateo 28:19
⁷⁴ Roma 6:3-5
⁷⁵ Roma 6:4
⁷⁶ 1 Juan 1:9
⁷⁷ Roma 12:1-2
⁷⁸ Filipos 1:1
⁷⁹ Gawa 2:42
⁸⁰ Roma 10:9-10

Ang Huling Hantungan

William MacDonald



Ang buhay ay walang katiyakan.
Araw-araw ang mga tao ay maagang naghahanda
para sa maghaponing gawain, halos hindi sumasagi
sa isipan na bago dumating ang gabi
ay maaaring makaharap nila ang Dios.
Ngayon, may ilang lilisanin ang daigdig dahil sa
atake sa puso, sakuna at karahasang kriminal.
Maraming posibilidad ang biglaang kamatayan.

Sa ganitong dahilan ang bawat tao ay
nagkakaroon ng agam-agam kung saan siya
patutungo pagkatapos mamatay. Saan niya
gugugulin ang kanyang walang hanggang buhay?

Ano ang magiging huling hantungan mo?
Makatutulong ang babasahing ito
upang iyong malaman. Basahin mong mabuti.
Maaaring baguhin nito ang buhay at
ang magiging huling hantungan mo.



BSA Correspondence School®

P.O. Box 490, Greenhills
0420 Metro Manila

ISBN 971-848-030-7



9 789718 480304